IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol. 2, Isyu 4
Abril 2007

Blood from the Holy Host!

This Eucharistic miracle happened in Rome during the mass celebrated by Bishop Claudio Gatti on 11th of June 2000, feast of Pentecost. He says: "While I was celebrating the mass, as soon as I finished saying the wording of the consecration of the bread, blood began to come out from my host. Time stopped for me. I was bending over the host that I was holding tightly in my hands and I was gazing at the divine blood that was spreading on a great part of its surface….. I passed between the pews of the church so that the people present could see them closely. When I did the 'fraction of bread' the blood kept on dropping before the eyes of the present people….."*

Miracle of Lanciona

This is the famous miracle of Catholic Church happened in Lanciona, Italy 700 AD. A priest, who disbelieved in the real presence of Jesus, the host and wine turned into real blood and flesh.*

ANG BANAL NA TRIDUO

Tatlong Araw na Pagdiriwang ng Pasyon, Pagkamatay at Muling Pagkabuhay ng Panginoong Hesus

Mula sa mga unang araw ng cristianismo, ang sentro ng liturhiya ng simbahan ay ang pagdiriwang sa Misterio Paskuwal o Misterio ng Pasko: ang paglipat ni Kristo mula sa buhay na ito hanggang sa piling ng kanyang Ama at ang pagbibigay ng kanyang Espiritu – ditto nagsimula sa katunayan ang Simbahan. Dalawang uri ng pagdiriwang ang misteriong ito ang sumibol sa simbahan: ang una'y lingguhan at ang ikalawa'y taunan. Ang LINGGO o Araw ng Panginoon, ang sentro ng lingguhang pagdiriwang. Ang pagdiriwang naman ng Linggo ng Muling Pagkabuhay ang sentro ng taunang pagdiriwang.

Hanggang ngayon ang sentro ng pagdiriwang ng Simbahan sa loob ng taon ay ang Banal na Triduo ng Pasko. Ito'y nagsisimula sa hapon ng Huwebes Santo sa Misa ng Hapunan ng Panginoon, at sumusukdol sa pagdiriwang ng Misa sa Pagtatanod sa gabi ng Sabado Santo, at nagtatapos sa Bisperas o hapon ng Linggo ng Pagkabuhay.

Ang Pagtatanod sa Gabi ng Sabado Santo ay ang sentro ng tatlong araw na pagdiriwang ng Misterio Paskuwal n gating Panginoon – ang sentro ng gawang pagliligtas – na pinagmumulan ng buhay at ng mga Sakramento ng Simbahan. Kaya naman ang gabing ito ibinubuhos ng Simbahan ang kanyang Kayamanan tulad ng mga pagbasa na nagsasalaysay ng mga yugto ng gawang pagliligtas, ang mga sakramento ng binyag at kumpil, ang Banal na Eukaristiya at ang pagsasariwa ng mga pangako ng Kristiyano sa kanyang Panginoon Muling-nabuhay. *

Youth Camp: April, 2007

Ang Pope John Paul II Youth Camp ay abala sa pagkakaroon ng mga kabataang handang sumailalim sa paghuhubog ng Diyosesis!



Kapilya ni Sn Jose, Lote

Ang Kapilya sa Lote sa ilalim ng pamamatnubay ni San Jose Manggagawa ay patuloy sa pagsisikap na ito ay pagandahin upang ang mga pagsamba at lingguhang pagtitipon sa Eukaristiya ay maging makabuluhan. Ang kalinisan ay patuloy na itinataguyod upang maging ka-aya-aya hindi lamang sa paningin kundi upang maging kalugod lugod ang bawat pagsamba sa Panginoon.

Pinangungunahan ng mga masisipag at masisigasig na taga-pamahal ng Lote, ang Kapilya ay mananatiling buhay na patunay na ang pananampalataya ay buhay.

Sa darating na Mayo, 1, 2007, araw ng Martes, ika-6 ng gabi, bilang pagbibigay parangal sa patron, ay magkakaroon ng sama-samang pagdiriwang ng Banal na Misa upang mag-pasalamat sa Diyos sa lahat ng biyayang kaloob at upang patuloy na hingin ang pagkakandili ng Mahal na San Jose sa bawat Gawain ay layuning paglilingkod sa kapwa.

San Jose, ipanalangin mo kami!

LINGGO NG PASKO NG MULING PAGKABUHAY NG PANGINOONG JESU-KRISTO

SI CRISTO ANG MULING PAGKABUHAY AT ANG BUHAY

Sa pagdiriwang ng Bibliya ng Pasko ng Pagkabuhay, nagsisimula ang dakilang panahon ng limampung araw – PENTEKOSTES – o Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay (Easter Season). Ang unang Pasko ng Pagkabuhay bilang araw ng Pagkabuhay ay tunay na may kinalaman at kaugnayan sa iba pang mga araw ng panahong ito. Ating ipinagdiriwang ang pagtataas ng Panginoon na sa kaisipan ni San Juan ay nangangahulugan ng pagtataas sa kaluwalhatian sa kanan ng Ama. Ang presensya ng muling nabuhay at niluwalhating Kristo (Juan 7:39). Ang Espiritu ang kaloob ng Panginoong Muling Nabuhay dahil ditto, simula pa lamang sa unang araw ng muling pagkabuhay at pagluluwalhati kay Kristo, ang pagpapadala sa Espiritu Santo sa Simbahan ay mga bahagi ng iisa at magkaparehong mapagligtas na Misterio. Sa bawat araw ng Pasko ng Pagkabuhay ay maihahalintulad sa ikawalong Araw – ang Araw ng Panginoon – LINGGO o araw ng Pista, ang limampung araw na ito ay antisipasyon ng dakilang araw na yaon ng "ARAW NG PANGINOON sa wakes ng panahon na doo'y ang Diyos ay maghahari sa kalahat-lahatan." (Corinto 15:28) *

Kabanalan ng Kaparian!
Kabanalan ng Sambayanan!

BULAG, PIPI AT BINGI

Ni Bro. Ernie Enriquez

Ating suriin at balikan ang mga panahong lumipas, karanasan, uri ng pamumuhay at pag uugali ng tao. Dito sa ating nayon hindi maging madali ang ipaunawa ang kahalagahan ng isang matuwid na landas ng buhay tungo sa pagpapakabanal.

Mula pa noon at magpahanggang ngayon sa kasalukuyan, ang sakit ng ating pagkatao ay mahahati sa tatlong klase ng katauhan: bulag, pipi at bingi. Ang tatlong katangiang ito ay patuloy na kinukupkop sa ating sarili. Ikinatutuwa ba natin ito o ikalulungkot na malakas ang hatak nito sa ating mga kapatid na mahihina.

Dumako tayo sa pagkabulag na walang sawan at paulit-ulit na paghahatid ng ating mga kaparian ng Mabuting Balita ng Panginoon. Subalit ayaw buksan ang mata, nakapinid ang pintuan ng puso. Bukas lamang ang mata sa harap ng telebisyon, komiks, baraha, mga panoorin sa lansangan, palabas at marami pang iba.

Dumako tayo sa pagka-pipi: marami sa ating mga kapatid ang walang dila. Sa hindi maintindihang kadahilanan ay ikinahihiya kaya ang paghahatid ng Mabuting Balita ng Panginoon sa kapwa? Subalit gamit na gamit ang dila sa pagmumura, diskusyon, pulitika, paninirang-puri at ang pag-usapan ang buhay ng iba.

Dumako tayo sa pagkabingi. Ang ating mga kapatid, laging bingi kung ito'y aral ng Panginoon, sermon ng pari, pangaral tungo sa kaligtasan ng kaluluwa. Subalit kapag ito ay tawag sa pagsusugal. iskursyon at piknik, maluwag ang kanilang pandinig.

Bakit kaya hindi natin matakasan ang sakit ng pagkabulag, pipi at bingi? Ito ba'y may angking katangiang napakalakas ng hatak at wala tayong kakayahang labanan at pagtagumpayan? Bagamat mapagpatawad ang Diyos, huwag naman nating abusuhin! May hangganan ang lahat! *

JOHN PAUL II SUMMER YOUTH CAMP April 2007

Objectives of Youth Camp:

1. To offer a religious spiritual experience for the youth of Bataan that will animate them to become formators of their fellow youth (youth serving youth);
2. To motivate the youth yo know the Lord more deeply, to follow him more closely and love him more dearly;
3. To arouse a renewed sense of patriotism among the youth in the spirit of our diocesan vision HERO and bataan Bayani at banal.

8 ALITUNTUNIN NG BAWAT KAMPER

K – asama at kabalikat KA sa Bawat Gawain – Participation
A – yusin ang lahat na pinaggamitan – Cleanliness
B – awal (bisyo) uminom ng alak, manigarilyo sa loob o gumamit ng CP pag may conference, bawal din ang bisita sa mga araw ng kamping – no vices/visitors
A - listo kayo sa bawat oras at sa mga nakatakdang Gawain – Punctuality
T – ulungan ang bawat isa sa lath ng Gawain / workshops – Cooperation
A – ng bawat kamper ay dapat magpaalam lagi sa "mga priest of the Day" pag-aalis o may gagawing iba – Permission
A – ko, ikaw ay hinubog upang maging kabataang tagahubog ng ating simbahan – Leadership
N – aisin mo ang Diyos sa bawat oras at Gawain - Prayerful

Mensahe:

Sa panahong ito ng Mahal na Araw ay ating pagnilayan ang pagliligats na ginawa sa atin ng Panginoong Hesus. Dumalo nawa sa mga pagdiriwang at hindi lamang sa prusisyon ng Biyernes Santo!

Fr. Lides S. Pomer